



# Mga Paaralang Katoliko Mga Paaralang Ligtas para sa Bata (Child Safe)

## Pahayag ng Pangangako ng CECV sa Kaligtasan ng Bata (CECV Statement of Commitment to Child Safety)

Isang ligtas, mapag-aruga at nagpapalakas ng kultura para sa lahat ng mga bata at kabataan sa mga paaralang Katoliko.

**Ang pahayag na ito ay isinapanahon ayon sa binagong Mga Pamantayan sa Kaligtasan ng Bata na magkakabisa mula ika-1 ng Hulyo 2022 at sa sumusuportang Ministerial Order No. 1359.**

*Bawat tao, na nilikha ayon sa larawan at anyo ng Diyos, ay natatangi at may likas at hindi maiaalis na dignidad (Pontifical Council for Promoting New Evangelization 2020, n. 379).*

Pinaninindigan ng Catholic Education Commission of Victoria Ltd (CECV) ang pangangalaga, kaligtasan at kabutihan ng mga bata at kabataan bilang isang sentral at pangunahing responsibilidad ng edukasyong Katoliko. Ang pangakong ito ay hango mula at likas sa pagtuturo at misyon ni Hesukristo, kung saan ang pagmamahal, katarungan at kabanalan ng bawat tao ay nasa sentro ng ebanghelyo.

Ang pahayag na ito ay naglalayon na muling pagtibayin ang pangunahing pagtuon sa kaligtasan ng bata sa buong edukasyong Katoliko sa Victoria, na binuo sa nagkakaisang pagkaunawa sa moral na kahalagahan at pangkalahatang mga pangangako na nagpapatibay sa aming hangarin na patuloy na paunlarin, at palaganapin ang kultura na 'hindi pinahihintulutan' ang pang-aabuso sa bata sa ating mga paaralan at organisasyon.

*Ang katangiang elemento ng paaralang Katoliko, bukod pa sa paghahangad ng 'mga layuning pangkultura at pagbuo sa pagkatao ng kabataan', ay kinabibilangan ng paglikha ng 'natatanging kapaligiran para sa komunidad ng paaralan na binibigyang-buhay ng diwa ng Ebanghelyo na kalayaan at kawanggawa'. Upang makamit ito, ang paaralang Katoliko ay naglalayon 'na isaayos ang buong kultura ng tao alinsunod sa balita ng kaligtasan (salvation) upang ang kaalaman na unti-unting natatamo ng mga mag-aaral tungkol sa mundo, buhay at [sangkatauhan] ay maliliwanagan ng pananampalataya'. Sa ganitong paraan, inihahanda ng paaralang Katoliko ang mga mag-aaral na gamitin ang kanilang kalayaan nang responsable, na bubuo ng saloobin na pagiging bukas at nagkakaisa (Congregation for Catholic Education 2022, n. 16).*

Taglay ng CECV ang inaasahan ng lahat para sa proteksyon ng mga bata. Ito ay lubos na nakatuon sa pagtiyak na ang lahat ng mga nakikibahagi sa edukasyong Katoliko sa Victoria ay nagtataguyod ng likas na dignidad ng mga bata at kabataan, at ng kanilang pangunahing karapatan na igalang at arugain sa isang ligtas na kapaligiran sa paaralan.

Ang mga paaralang Katoliko ay may pananagutang moral, ligal, at ayon sa misyon na lumikha ng mapag-arugang mga kapaligiran sa paaralan, kung saan lahat ng mga bata at kabataan ay iginagalang at may kalayaan, ang kanilang mga tinig ay pinakikinggan, at sila ay ligtas at nakadarama ng kaligtasan. Kinikilala ng CECV na ang ilang mga bata at kabataan ay mas mahina kaysa sa iba, at nangangakong magbigay ng pangangalaga at mga serbisyong kinakailangan upang suportahan sila at ang kanilang mga pamilya, at upang masiguro ang kanilang kaligtasan sa lahat ng mga paaralang Katoliko.

Ang mga paaralang Katoliko ay gagawa ng agarang aksyon upang ang anumang mga paratang ng pang-aabuso sa mga bata at kabataan ay wastong maisasangguni at maiimbestigahan kapag isinumbong. Bagama't magkakaiba ang konteksto at realidad sa bawat paaralang Katoliko, ang mga batayang isyu ng pag-unawa sa mga epektibong kagawian sa kaligtasan ng bata, at pagtukoy at pagtugon sa pagkapinsala sa bata ay hindi nagbabago. Lahat ng mga paaralan ay dapat magsikap para sa patuloy na pagpapahusay sa pagtugon sa umuusbong na pag-iisip, ebidensya at kasanayan, upang matanggal ang posibilidad na may mangyaring pang-aabuso.

Ang paglikha ng mga kapaligiran sa paaralan na ligtas para sa bata ay isang dinamikong proseso na kinabibilangan ng aktibong pakikilahok at pananagutan ng mga namamahalang awtoridad ng paaralan, mga paaralan, mga pamilya at kanilang mga komunidad. Ito ay nakikita sa pakikipagtulungan, pagbabantay at mga proactive na pamamaraan sa mga patakaran, pamamaraan, kurikulum at mga kasanayan.

Bawat taong kasangkot sa edukasyong Katoliko ay may responsibilidad na maunawaan ang kanilang mahalaga at tiyak na ginagampanang papel bilang indibidwal at bilang magkakasama upang matiyak na ang kaligtasan at kapakanan ng mga bata at kabataan ay nangunguna sa lahat ng kanilang ginagawa at bawat desisyon na kanilang gagawin.



# Mga Paaralang Katoliko

## Mga Paaralang Ligtas para sa Bata (Child Safe)

**Ang CECV ay nangangako sa pagbibigay ng ligtas, maaruga at nagpapalakas na kultura para sa lahat ng mga bata at kabataan sa mga paaralang Katoliko ng Victoria sa pamamagitan ng:**

### **Pagtataguyod sa kahalagahan ng kaligtasan at kapakanan ng mga bata at kabataan**

Sa lahat ng oras, ang patuloy na kaligtasan at kapakanan ng mga bata at kabataan ang magiging pangunahing pokus ng pangangalaga at paggawa ng desisyon. Bukod pa sa pangkalahatang pagtutok sa kaligtasan at kapakanan, kailangang bigyang-pansin at asikasuhin ng mga paaralan ang mga pangangailangan ng kanilang mga mag-aaral na pinakamahina.

Upang lumikha at mapanatili ang isang ligtas at mapag-arugang kultura, ang mga paaralan ay aktibo at patuloy na bumubuo at sumusuri sa lahat ng mga patakaran, proseso at mga kasanayan, na ayon sa kanilang namamahaling awtoridad, umuusbong na pag-iisip at ebidensya.

### **Pagbibigay-kapangyarihan sa mga pamilya, bata, kabataan at kawani na magkaroon ng tinig at magpahayag ng mga alalahanin**

Titiyakin ng mga paaralan, sa pakikipagtulungan sa mga pamilya, na ang mga bata at kabataan ay batid ang kanilang mga karapatan, at nakikibahagi at aktibong kalahok sa mga proseso ng paggawa ng desisyon, lalo na kung maaapektuhan ang kanilang kaligtasan.

Nangangahulugan ito na ang mga pananaw ng mga bata, kabataan at pamilya ay sineseryoso, at ang kanilang mga alalahanin ay tinutugunan sa paraang makatarungan at napapanahon. Ang mga bata at kabataan ay tinuturuan din na magpahayag ng mga alalahanin, magkaroon ng mga kinakailangang kasanayan at kaalaman upang maunawaan at mapanatili ang kanilang personal na kaligtasan at kagalingan, at ang kaligtasan at kapakanan ng kanilang mga kasamahan, sa pamamagitan ng mga pamamaraan at mga programang pang-edukasyon.

### **Pagpapatupad ng mahigpit na pamamahala sa peligro at mga kagawian sa pagtatrabaho**

Ang mga paaralan ay sistematiko at patuloy na tutukuyin at tatasahin ang mga panganib sa kaligtasan ng bata, at aalisin (hangga't maaari) o babawasan ang lahat ng maaaring pagmulan ng pinsala sa pisikal at online na kapaligiran. Ang mabisang pamamahala sa panganib ay nakapaloob sa pamumuhay sa paaralan sa pamamagitan ng mabisa, walang itinatago at malinaw na nauunawaang mga patakaran, pamamaraan at kagawian.

Ang mga paaralan ay mag-eempleyo ng mga lubos na may kakayahan at propesyonal na mga kawani na binuo at binigyang-hamon na panatilihin ang kaligtasan ng lahat ng mga mag-aaral. Ang mataas na kalidad na mga paghirang ng mga kawani ay itataguyod sa pamamagitan ng mahigpit na mga proseso at kagawian sa pagtatrabaho at pagsusuri, na kasama ang ipinapakitang kaalaman sa kaligtasan ng bata.

Ang edukasyong Katoliko ay mananatiling nakaagapay sa batas, at tutugunan ang mga tungkulin pang-lehislatibo upang maprotektahan ang kaligtasan at kapakanan ng mga bata at kabataang nasa pangangalaga nito, kabilang ang pagtugon sa pinakamababang mga kahingian sa pagtupad sa mga Pamantayan sa Kaligtasan ng Bata para sa mga paaralan at lugar ng tirahan sa paaralan gaya ng itinakda sa Ministerial Order No. 1359. Dagdag pa ito sa patuloy na gawain upang masuportahan ang kaligtasan ng bata, kabilang ang sapilitang pag-uulat, maisusumbong na pag-uugali, pagbabahagi ng impormasyon at pamamahala ng mga reklamo.

---

#### **Mga sanggunian**

Congregation for Catholic Education 2022, The Identity of the Catholic School for a Culture of Dialogue, The Holy See, accessed 30 May 2022 [https://www.vatican.va/roman\\_curia/congregations/ccatheduc/documents/rc\\_con\\_ccatheduc\\_doc\\_20220125\\_istruzione-identita-scuola-cattolica\\_en.html](https://www.vatican.va/roman_curia/congregations/ccatheduc/documents/rc_con_ccatheduc_doc_20220125_istruzione-identita-scuola-cattolica_en.html).

Pontifical Council for Promoting New Evangelization 2020, Directory for Catechesis, St Pauls Publications, New South Wales.

Commitment-Statement\_Tagalog